# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija



## Pangarap na NATUPAD

ISSN 2507-8933

Tomo 5, Blg. 3 | 2020
Pangatlong Isyu

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER

**Tomo 5, Blg. 3 | 2020**
Pangatlong Isyu

**PATNUGUTAN**

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** CHARLENE S. JOANINO
**Layout at Ilustrasyon** KHRIZIE EVERT MARCELO-PADRE
**Manunulat** MA. CECILIA C. IRANG, CHARLENE S. JOANINO, CHRISSALYN L. MARCELO
**Nag-ambag ng Artikulo** LENILYN Q. MURAYAG, CHRISTINE MAE A. NICOLAS
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** CHARLENE S. JOANINO
**Tagapayo** ARNEL N. DEL BARRIO

Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.



Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa ilivestockbiotech@gmail.com.



**NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** Science City of Muñoz, Nueva Ecija, Philippines 3120 • Fax: +63 44 456-0730 • Tel. No: +63 44 456-0731 to 34 • URL: http://www.pcc.gov.ph • E-mail: pcc-oed@mozcom.com **MANILA LIAISON OFFICE** 2nd Floor IEC Building, NIA Complex, EDSA, Quezon City, Philippines • Telefax: +63 02 8 921-3863 E-mail: pcc-mlo@mozcom.com **REGIONAL CENTERS: PCC at MMSU** 09279655724, pccmmsu@gmail.com • **PCC at CSU** 09161011561, pccpiat07@yahoo.com • **PCC at DMMMSU** 09176793349, pccdmmmsu95@yahoo.com • **PCC at CLSU** +63 44 456-5238 to 39 • 09178675763, pcc.clsu@yahoo.com • **PCC at UPLB** +63 49 536-2729, pccuplb@gmail.com • **PCC at VSU** +63 053 563-7649 • 09399170673, pccvsu@gmail.com • **PCC at WVSU** +63 033 323-4781 • 09999916115, pccwvsu@yahoo.com • **PCC at LCSF** 09478934794 • 09088139048, pcclcsf@yahoo.com • **PCC at USF** +63 38 518-5598 • 09199620560, pccusf.ubay@yahoo.com • **PCC at MLPC** 09101795905, pcc_mlpc09@yahoo.com • **PCC at CMU** 09399169719, pccmusuan@yahoo.com • **PCC at USM** 09193970872 • 09206219722, usm_pcc@yahoo.com


## MGA NILALAMAN


**3** 'Buro Booster' para sa de-kalidad na pakain sa hayop


**6** Kainaman ng may kaalaman

**10** Pangarap na natupad

**13** Nabagong buhay dahil sa gatasang kalabaw

**15** Sinanay sa tagumpay

**17** Mula sa gatas ng kalabaw


**PALIWANAG SA PABALAT**

Ibayong pagsisikap ang naging daan upang makamit ng maggagatas na si Juanito Dumale ang mga biyayang tinatamasa sa napiling kabuhayan. Ang kaniyang kwento ay isang patunay na ang tagumpay ay abot-kamay sa sinumang may masidhing determinasyon at di matatawarang kasipagan.

(LARAWANG KUHA NI CHARLENE JOANINO)

# 'BURO BOOSTER' para sa de-kalidad na pakain sa hayop

NI **CHARLENE JOANINO**

**De-kalidad na *silage* ang inaasahang magagawa ng mga magsasaka kung gagamitan ng Buro Booster Silage Inoculant (BBSI). Gawa ng Department of Agriculture – Philippine Carabao Center (DA-PCC) Production Systems and Nutrition Section (PSNS) ang nasabing Buro Booster.**

Ayon sa PSNS, mababawasan ang posibilidad ng pagkabulok ng ineensilo kung gagamitan ng *inoculant* na may baktiryang *Lactobacillus plantarum.* Kung magkagayon, tataas ang inaasahang ani mula sa produksyon ng *silage.*

Ang BBSI ay maaaring gamitin sa inensilong mais, *sorghum,* at damong pakain sa mga *ruminants* (kalabaw, baka, kambing, tupa).

Ayon kay DA-PCC *Executive Director* Dr. Arnel Del Barrio, napapaganda ng BBSI ang kalidad ng pakain sa kalabaw na nakapagpapataas ng produksyon ng gatas para mabawasan ang epekto ng pandemya sa kabuhayan ng mga magsasakang maggagatas.

Ang Buro Booster ay ipinakilala sa mga magsasakang-kasapi ng Lupao Corn Farmers Association (LCFA) noong Agosto 13 sa Lupao, Nueva Ecija.



SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA






*"Ang solusyon na may inoculant ay tatagal ng 24 oras at dapat iaplay sa burong damo sa loob ng naturang oras. Sa pamamagitan ng pag-spray ng Buro Booster sa silage, mapabibilis ang produksyon ng lactic acid na nakapagpapaganda ng kalidad nito. Aabot sa 1 milyong baktirya ang mayroon sa 1 ml ng BBSI kung kaya't mabisa ito. "*

**REYNALD AMIDO**
Science Research Analyst





# BURO BOOSTER... MULA SA PAHINA 3

## Buro Booster sa *silage* na mais

Sa isang *onsite demonstration*, ibinahagi ni Reynald Amido ng DA-PCC PSNS na ang 10 ml ng BBSI ay sapat na para sa isang *handheld spray solution* na magagamit sa isang toneladang *silage*. Nangangahulugan ito na ang 1 litrong botelya ng Buro Booster ay maaaring magamit sa 100 toneladang *silage*.

Ang University of the Philippines-Los Baños National Institute of Molecular Biology and Biotechnology ang nagbigay ng baktirya na pinarami ng DA-PCC para sa Buro Booster.

Ang naturang *inoculant* ay maaaring iimbak ng hanggang sa anim na buwan sa *refrigerator* upang mapreserba ang baktirya.

Samantala, ayon naman kay Rogelio Antiquera, DA-PCC *Science Research Technician* III, ang bagaso ng mais ay nakapagbibigay enerhiya at magandang i-ensilo dahil may 65%-70% *moisture content* ito na nakababawas ng posibilidad ng pagkabulok.

Inaani ang mais pagkaraan ng 75-80 araw habang ang pag-eensilo ng bagaso ay tumatagal naman ng 21 araw. Ang magandang *silage* na mais ay tumatagal ng isa hanggang tatlong taon.

Ang pag-eensilo ay isang teknolohiya na ginagamit sa pakain para sa mga *ruminants* gaya ng mais at mga damo na naiprepreserba gamit ang *anaerobic fermentation*.

Isa pang magandang bagay sa pag-eensilo ng bagaso ay kalimitang inaani ang mais tuwing tag-init o sa panahong kalimitang kulang ang pakain sa kalabaw.

Bukod pa rito, nakatutulong din ang teknolohiya sa pagprotekta ng kalikasan. Halimbawa, ang bagaso na isang *by-product* sa panahon ng anihan ng mais at sinusunog lamang ay hindi na makadadagdag pa sa polusyon kung ieensilo.

## Negosyong pag-eensilo sa gitna ng pandemya

Nakita ni LCFA *chairman* Isagani Cajucom ang kahalagahan ng Buro Booster sa pagpapanatili ng negosyo sa pag-eensilo ng mais.

Ang LCFA ay nakagagawa ng 100-300 tonelada ng *silage* sa loob ng isang buwan tuwing panahon ng maisan. Subali't, dahil sa bumagsak na *demand* nito dulot ng pandemya, kinailangan nilang bawasan ang kanilang produksyon at gawing 50 tonelada. Ang isang sakong *silage* ay naibebenta sa halagang Php30-Php40.

"Sa pamamagitan ng paglalagay ng *inoculant* sa *silage* ay napahahaba ang panahon na maaaring iimbak ito habang hindi pa nabibili. Binibigyan kami nito ng sapat na panahon para makahanap ng *buyer*," ani Cajucom.

Sinimulan ni Cajucom ang kaniyang negosyo sa pag-eensilo noong 2013. Ito ay pagkaraan ng kaniyang partisipasyon sa proyektong "Commercialization of Grass/ Forage Corn Silage for Dairy Buffaloes in Lupao Through Technomart."

Ang naturang proyekto ay sa pagtutulungan ng DA-PCC at ng Department of Science and Technology-Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (DOST-PCAARRD).

"Pinagaganda ng *silage* ang *body condition* ng mga kalabaw. Ang mga malulusog na hayop ay nakapagbibigay ng higit na maraming gatas," ani Cajucom na isa ring magkakalabaw.

Samantala, ilan sa mga magsasaka ng San Jose City ang nakatanggap din ng Buro Booster mula sa DA-PCC. Ayon kay Dr. Del Barrio, ang *inoculant* ay makatutulong sa pagbibigay ng adisyunal na pagkakakitaan sa mga magsasaka sa kanilang pangangailangang pinansyal lalo't may laganap na krisis pangkalusugan.

*(May impormasyon mula sa artikulo ni Ma. Cecilia Irang)*



# Kainaman ng may KAALAMAN

NI **MA. CECILIA IRANG**
MGA LARAWANG KUHA NI **CHARLENE JOANINO**

**Isang prinsipyo ni Arnold Cunanan, 45, ng barangay Porais, San Jose City, Nueva Ecija, na kung papasukin niya ang isang negosyong katulad ng pagkakalabawan, hindi pera lang ang kinakailangang puhunan kundi maging talino at kakayahan.**

Nagsikhay si Arnold na pagyamanin ang sariling kaalaman at nagkusang matuto sa maraming bagay patungkol sa pagkakalabawan. Aniya, ito ang kaniyang paraan para mas maging mahusay sa pag-aalaga ng kalabaw at hindi lubusang umasa sa serbisyo ng gobyerno.

Nagawa niyang matutunan ang mga pangunahing pamamaraan sa pag-aalaga ng kalabaw sa pagdalo niya sa mga pagsasanay na isinasagawa ng DA-PCC. Maliban dito, malimit din siyang nag-oobserba at nagtatanong sa mga beterinaryo o teknisyan na bumibisita sa kaniyang kalabawan.

Ilan sa mga natutunan niya ay kung paano malaman kapag buntis na ang kalabaw, magsuri ng kalidad ng gatas gamit ang *alcohol precipitation test*, magpurga, magbakuna, mag-iniksyon ng bitamina, at matukoy ang *body condition score* (BCS) nito.

"Kapag talagang pursigido ka sa pag-aalaga ng kalabaw, aalamin mo lahat ng dapat gawin para masigurong maayos ang mga kalabaw mo. Ang mainam sa DA-PCC, hindi lang sila basta nagbibigay ng serbisyo, itinuturo rin nila kung paano ito gawin," ani Arnold.

## Aplikasyon ng mga natutunan

Kabilang si Arnold, isa sa mga miyembro ng *board of directors* ng Simula ng Panibagong Bukas Producers Cooperative (SIPBUPCO), sa napahiraman ng DA-PCC ng *Brazilian Murrah buffalo* sa ilalim ng programang paiwi nito noong 2009.

Magmula noon hanggang ngayon ay ibayong kasipagan at dedikasyon na ang ipinamamalas ni Arnold sa pag-aalaga ng kalabaw, dahilan para kilalanin siya bilang "Outstanding Dairy Farmer" ng DA-PCC noong 2014.

Hindi niya sinayang ang oportunidad na maging benepisyaryo ng ganitong programa sa halip ay patuloy niyang hinasa ang kaniyang kakayahan at kaalaman para umunlad ang kaniyang kalabawan.

Ayon kay Arnold, lubos ang pasasalamat niya kay Mario Delizo, isang dating teknisyan at *project development officer* ng DA-PCC na matagal umasiste sa kaniya bago ito nagretiro. Dahil, aniya, kay Mario marami siyang natutunan na patuloy niyang inaaplay sa kaniyang kalabawan gaya ng pagtukoy kung buntis na ang kalabaw, pagbibigay ng *vitamin* ADE para maglandi ang mga ito, at pagpapakain ng *feeds* base sa litro ng gatas na nakukuha.

Masinsinan ang ginagawang pagmo*monitor* ni Arnold para malaman kung may naglalandi na sa kaniyang mga alaga, kaagad niya itong pasesemilyahan o 'di naman kaya'y ipabubulog.

**SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA**



"Buwan-buwan ang pagbibigay ko ng *vitamin* ADE sa mga buntis na kalabaw habang lingguhan naman sa mga palahian para mabuntis. Pinupurga ko rin ang mga ginagatasan bago manganak at kapag pa-*dry off* na ang mga ito. Hindi ko na kailangan pang tumawag ng teknisyan para sa mga ganyang gawain dahil kaya ko nang gawin.

Kapag may sakit 'yong kalabaw ko, inirereport ko pa rin sa mga teknisyan ng DA-PCC pero alam ko nang gawin 'yong *first aid treatment*. Kinokonsulta ko sa kanila kung ano ba ang gamot sa ganitong sakit, aaralin at iintindihin kong mabuti 'yong sasabihin nila tapos oobserbahan ko kung paano nila gagamutin para sa susunod alam ko na rin 'yong gagawin ko."

**ARNOLD CUNANAN**
*Board of Director*, SIPBUPCO

# KAINAMAN... MULA SA PAHINA 7

Isa ito sa mga pamamaraan kaya hindi nawawalan ng buntis na kalabaw sa kaniyang kawan.

"Kapag babae ang anak, hindi ko siyempre ibinebenta kasi sila ang mga susunod na inahin. Nakaprograma ako na dapat buwan-buwan ay may manganganak akong kalabaw," ani Arnold.

Mayroon siyang kalahating ektaryang taniman ng pakain ng kalabaw gaya ng *Napier*. Maliban dito, pinakakain niya rin ang mga alaga ng dayami, ipil-ipil, kamoteng baging, sakate, at *feeds*.

Para masiguro ang maayos na kalusugan ng mga alaga, regular ang pagpupurga, pagbibigay ng bitamina, at pagbabakuna ni Arnold sa mga ito kapag malapit na ang tag-ulan o pabagu-bago na ang klima.

Nakatutulong na rin siya sa ilang mga miyembro ng kanilang kooperatiba sa pagbibigay ng paunang lunas kung sakaling magkasakit ang mga kalabaw nila.

Bilang resulta ng kaniyang maayos na pag-aalaga, magaganda ang pangangatawan o BCS ng kaniyang mga kalabaw, madalang magkasakit, at maraming magbigay ng gatas na umaabot sa 14 na litro.

## Benepisyo ng mga natutunan

Sa kasalukuyan, 34 ang alagang kalabaw ni Arnold; 10 rito ang buntis at anim ang ginagatasan. Nakakukuha siya ng 22 litro araw-araw dahil pa-dry na ang karamihan sa mga ito. Ibinebenta niya sa halagang Php70-Php75 ang aning gatas sa DVF, Milka Krem, at NEFEDCCO.

Karaniwang kumikita siya ng Php50,000 kada buwan mula sa pagbebenta ng gatas. Dahil dito, mabilis siyang nakapagpagawa ng bahay at tuluy-tuloy na nakapagpapaaral ng dalawang anak na sina John Carlo sa kursong *engineering* at DJ Rafi na nasa *Grade 4*.

Katulong din niya sa pag-aalaga ang kaniyang asawang si Angelita, 40, at mga anak.

Bagama't may iba pang pinagkakakitaan ang pamilya ni Arnold gaya ng pagtatanim ng sibuyas at palay, napatunayan niya, aniya, na mas sigurado ang kita sa pagkakalabaw.

"Hangga't nabubuhay ako hindi ko bibitawan ang pagkakalabaw, kasi mas *secure* ang kita rito kaysa sa bukid. Kapag nanganak ang kalabaw, may pera na kaagad hindi katulad sa bukid na magtatanim ka pa at kung ulanin o bagyuhin pa'y siguradong mababa ang kita. Sa kalabaw, tuluy-tuloy at walang pinipiling panahon ang kita," aniya.

"Lahat ng kinikita ko sa bukid ay naitatabi ko na sa banko. 'Yong panggastos sa eskwela at mga pangunahing pangangailangan namin sa araw-araw ay natutugunan na ng kita sa pagkakalabaw," nakangiting sambit ni Arnold.

Plano ni Arnold na paramihin pa ang inahing kalabaw at taniman ng pakain ang isa niyang ektaryang bukid para doon na rin manginain ang iba pa niyang alaga. Kampante siya na mabibigyang-katuparan ang mga naisin niyang ito lalo pa't nasimulan na niyang pagyamanin ang kakayahan at kaalaman niya sa wastong pag-aalaga ng kalabaw.

# Pangarap na NATUPAD

NI **MA. CECILIA IRANG**
MGA LARAWANG KUHA NI **CHARLENE JOANINO**




**Naiiyak sa tuwa at halos hindi makapaniwala si Juanito Dumale, 59, ng barangay Licaong, Science City of Muñoz, Nueva Ecija nang matanggap ang balitang siya ang hinirang bilang "2019 Outstanding Dairy Buffalo Farmer" sa ilalim ng kategoryang "smallhold" ng DA-PCC.**

Sa wakas, aniya, sa 16 na taong pag-aalaga niya ng kalabaw ay nabigyang katuparan ang isa sa kaniyang mga pangarap.

"Sobrang saya ko kasi sa aming magkakapatid na nagkakalabaw ako na lang ang hindi pa nananalong 'best dairy farmer'," ani Juanito.

Bunso sa siyam na magkakapatid, dalawa sa mga kapatid niya ay naging benepisyaryo rin ng programa sa pagkakalabaw. Si Warlito, pang-apat sa kanila, ay pinarangalan ng DA-PCC bilang "Outstanding Dairy Buffalo Farmer" sa parehong kategorya noong 2007 at si Victoriano, pangpito, bilang "Outstanding Dairy Buffalo Farmer" sa ilalim naman ng kategoryang "Family Module" noong 2017.

"Naging inspirasyon at motibasyon ko sila para mas pagbutihan pa ang pag-aalaga ng kalabaw," wika ni Juanito.

Bagama't naroon ang pagnanais niya na magawaran ng nasabing parangal, para kay Juanito ay "bonus" lamang ang mga pagkilalang kagaya ng natanggap nilang magkakapatid. May gantimpala man o wala, aniya, dapat maayos pa rin ang pag-aalaga ng kalabaw dahil pangmatagalang biyaya ang hatid ng ganitong gawain.

## Nabagong kapalaran

Nagsimulang mag-alaga ng kalabaw si Juanito noong 2004 nang mapagkatiwalaan siya ng DA-PCC ng gatasang kalabaw.

"Noong una, naiinggit ako sa ibang mga magkakalabaw na naisusulat 'yong kwento nila. Tinatanong ko sa sarili ko kung kailan kaya ako makikita o mababasa diyan sa mga dyaryo at magasin ng DA-PCC kasi pinangarap ko talaga 'yon," salaysay niya.

Natupad naman ito nang maisulat ang kwento ng buhay niya at ng kaniyang pamilya noong 2017 sa NIZ Balitaan na ngayon ay CaraBalitaan, isang pahayagan ng DA-PCC sa ilalim ng pamamahala ng Knowledge Management Division-Applied Communication Section na inilalathala isang beses kada dalawang buwan.

Kwento ni Juanito, hindi siya nawalan ng pag-asa na darating ang panahon na magbubunga ang lahat ng kaniyang pagsisikap sa pag-aalaga ng kalabaw. Hindi nga siya nabigo dahil inaani na niya ang mga benepisyong hatid ng gawaing ito.

Napagtapos niya at ng kaniyang asawang si Emilia, 57, sa pag-aaral ang kanilang dalawang anak. Ang panganay na si Jaycelyn ay nakatapos ng kursong *Business Administration* habang ang bunso namang si Jerome ay kumuha ng degree sa *Animal Science.*

"Noong wala pa akong kalabaw at umaasa lang sa iba't ibang pagkakakitaan, ang hiling ko lang ay kumita ng Php2,000 kada buwan para may maipantustos sa pamilya. Sa pagkakalabaw pala ay sobra-sobra ang kita mula rito. Dati kasi puro utang kami sa hirap ng buhay, ngayon ay wala na kaming utang, nakakaipon na, at nakapagpupundar pa," sambit ni Juanito habang nangingilid ang luha.

Ngayon, lubos ang kagalakan ni Juanito na nakapagpapahiram at nakatutulong na rin siya sa ibang mga nangangailangan habang napauunlad niya ang sariling pamumuhay.

Taong 2018, sabay-sabay na nagbigay ng saganang gatas ang anim niyang kalabaw dahilan para bumili siya ng sarili niyang *milking machine.* Umaani siya noon ng 36 na litro sa isang araw. Nasubukan pa niyang kumita ng Php36,000 hanggang Php42,000 sa loob lang ng dalawang linggo.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

**Dahil sa maayos na pangangasiwa sa kinikita, nakapagpundar na siya ng isang *owner-type jeep*, nakapagpaayos ng bahay at kulungan ng mga alaga, at namamahala ng 3,000 sqm na taniman ng mangga na isinanla sa kaniya.**



## PANGARAP... MULA SA PAHINA 11

**Sa kasalukuyan, 12 ang alagang kalabaw ni Juanito. Dalawa rito ang ginagatasan na nagbibigay ng 14 na litro araw-araw. Binibili sa kaniya ang aning gatas sa halagang Php75 kada litro ng DVF at ng isang pribadong maggagatas.**

### Paraan ng pag-aalaga

Kapansin-pansin ang magagandang pangangatawan ng mga alagang kalabaw ni Juanito, na ayon sa kaniya ay resulta ng maayos niyang pagpapakain sa mga ito.

"Mahal ko ang mga alaga ko dahil malaking tulong sila sa amin kaya nagsisikap ako na pagandahin 'yong mga katawan nila at alagaan silang mabuti," ani Juanito.

Sa katunayan, para mas matutukan ang pagbibigay ng maayos na pakain sa mga alaga, tinaniman na niya ng *Napier* ang 6,000 sqm na bukirin na dati niyang taniman ng palay. Nagpaipon na rin siya ng mandala ng dayami para sa karagdagang pakain.

Sa mga gatasan, nagbibigay siya ng tig-apat na kilo ng *feeds* sa mga ito tuwing umaga habang ginagatasan at tuwing alas tres ng hapon.

"Hindi ko sila pinababayaan sa pakain. Kung konti ang pakain mo, konti lang din ang bigay na gatas ng kalabaw mo," aniya.

Kahanga-hanga rin ang maayos na pangangasiwa ni Juanito sa kaniyang talaan *(record keeping)*.

Karaniwang nagsisimula ng alas kwatro ng umaga ang trabaho ni Juanito sa kaniyang kalabawan. Sa oras na iyon ay paliliguan na niya ang mga alaga, lilinisan ang kulungan, at ihahanda ang mga gamit na kailangan sa paggagatas.

Patuloy ang pagpupursige at pagsisikap ni Juanito na maabot ang target na magkaroon siya ng 15 hanggang 20 ginagatasang kalabaw at madagdagan pa ang taniman niya ng pakain.

Miyembro ng Licaong Agricultural Cooperative, layunin din ni Juanito na makahikayat pa ng ibang magsasaka na sumali sa kanilang kooperatiba at mag-alaga ng kalabaw.

"Kinakausap ko rin 'yong kapitan namin na ibahagi sa iba 'yong kwento ng kooperatiba kung paano kami natulungan ng programa sa pagkakalabaw para maraming maengganyo at matulungan," sabi ni Juanito.

Sa taglay niyang kasipagan at dedikasyon sa pag-aalaga ng kalabaw, hindi maikakaila na talagang karapat-dapat si Juanito sa nakamit na parangal. Bakas din ang nag-uumapaw niyang damdamin sa nararanasang kaginhawaan ng kaniyang buong pamilya dahil sa pagkakalabaw, na itinuturing niyang isang gawain na nakapagpabago ng kanilang kapalaran.



# Nabagong buhay dahil sa GATASANG KALABAW

NI **MA. CECILIA IRANG**
MGA LARAWANG KUHA NI **CHARLENE CORPUZ**

**Kung ilalarawan ang pamumuhay ngayon ng pamilya Zenith ay malayung-malayo na sa kanilang kinagisnan. Ang lungkot ay napawi na ng saya, ang problema ay napalitan na ng pag-asa, at ang kahirapan ay naibsan na ng kaginhawahan.**

Mula sa sitwasyong naghihikahos at hirap tustusan ang mga pangunahing pangangailangan, ngayon ay ramdam na ng mag-asawang Melgin at Claro Zenith ng Canahay, Surallah, South Cotabato at ng kanilang pamilya ang maginhawa at komportableng pamumuhay.

"Noon, madalas talagang walang laman ang pitaka ko. Pero ngayon, walang araw na wala akong madudukot na pera mula rito," nakangiting wika ni Melgin.

"Kung gaano kahirap ang naging buhay namin noon, ibayong saya naman ang nararanasan namin ngayon," dagdag niya.

Ang lahat, aniya, ay dahil sa paghihikayat sa kaniya ng kaniyang pinsan na si Loida na sumali sa programa sa gatasang kalabaw ng DA-PCC sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM).

Kwento ni Melgin, noong hindi pa siya sumasali sa programa ay malaki ang pinansiyal na problema nilang mag-asawa. Aniya, hindi niya malilimutan ang mga araw na kinailangan niyang tapangan ang kaniyang hiya na manghingi sa kamag-anak at mangutang sa mga kapitbahay para lamang may maipakain sa kaniyang pamilya dahil sa kahirapan.

"Sobrang hirap ng buhay namin noon, ultimo pambili ng kape at asukal ay hinihingi ko pa sa nanay ko. Madalas walang baon sa eskwelahan ang mga anak ko at nararanasan din namin na dalawang beses lang kumain sa isang araw," emosyonal na sambit ni Melgin.

Palibhasa'y nakaasa lamang sila noon sa kinikita ni Claro bilang *construction worker*, madalas hindi ito sumasapat para sa pang-araw-araw na gastusin ng pamilya at pangangailangan ng kanilang tatlong anak.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA





> "Ang saya-saya naming mag-asawa kasi ang laki-laki ng naitutulong sa amin ng pag-aalaga ng kalabaw. Ngayon, hindi na ako nangungutang at maginhawa na ang buhay namin. Nakakakain na rin kami nang maayos."
>
> **MELGIN ZENITH**
> *Dairy Farmer*, Canahay, Surallah, South Cotabato

# NABAGONG... MULA SA PAHINA 13

Batid ng kaniyang pinsan na si Loida ang pinagdadaanang hirap nina Melgin kaya naman ibinahagi niya ang mga magagandang karanasan niya mula sa pag-aalaga ng kalabaw at hinikayat niya si Melgin na subukan din ang ganitong gawain.

"Sabi niya sa'kin, magpamiyembro daw ako sa *association* para magkaroon ako ng kalabaw at magbago ang buhay namin. Nakikita ko rin kasi na simula noong nagkaroon sila ng kalabaw, gumanda rin ang pamumuhay nila," ani Melgin.

Nagpamiyembro sina Melgin at Claro sa Canahay Dairy Farmers Association at noong Hulyo 25, 2019 ay mapalad silang napahiraman ng DA-PCC sa USM ng isang buntis na *Italian Mediterranean buffalo*.

Nanganak ang alagang kalabaw ng mag-asawa noong Disyembre 2019, nagbigay ito ng maraming gatas at doon na tuluyang nagbago ang buhay ng pamilya Zenith.

Siyam na litro araw-araw ang nakukuha ng mag-asawa mula sa dalawang beses na paggagatas na binibili naman sa kanila sa halagang Php75 kada litro ni Dominic Paclibar, isa rin sa mga inaasistehang magsasakang maggagatas ng DA-PCC sa USM. Sa limang araw ay nasa 45 hanggang 49 na litro ang naipagbibili nila.

Dahil sa programa sa pagkakalabaw, nakasumpong ng hindi inaasahang biyaya ang pamilya na naging susi para makaahon sila sa kahirapan.

Madali nang nasusuportahan nina Melgin ang pag-aaral ng kanilang anak at naibibigay ang lahat ng mga pangangailangan na hindi na kailangang ipangutang pa.

"Nakatutuwa na kahit papaano ay naibibigay na rin namin 'yong mga kaunting luho ng mga anak namin. Lubos ang pasasalamat namin sa Diyos, sa DA-PCC at sa pinsan kong si Loida na naghikayat sa amin," ani Melgin.

Nakahanda na rin ang pambili nina Melgin ng bahaging halaga (*share*) para sa anak ng kalabaw na ipinahiram sa kanila ng DA-PCC sa USM. Ayon kay DA-PCC sa USM *Center Director* Benjamin John Basilio, nakasaad sa kontrata sa paiwi program ng DA-PCC na kapag nanganak ang ipinahiram na kalabaw ay hati (50-50) ang magsasaka at ahensiya sa magiging presyo ng bulo hanggang sa ika-apat na anak ng ipinahiram na kalabaw. Maaaring bilhin ng DA-PCC ang *share* ng magsasaka o 'di naman kaya'y magsasaka ang bibili ng *share* ng DA-PCC para mapasakanya na ang bulo.

"Napakaswerte po namin kasi babae po ang anak ng kalabaw na ipinahiram sa'min kaya naman pinag-ipunan talaga naming mag-asawa ang pambili para mapasaamin 'yong bulo at kami ang mag-aalaga at magpapalaki," ani Melgin.

Bakas sa mukha ng mag-asawa ang pag-asa at hindi matitinag na determinasyon na mas umunlad pa sa gawaing pagkakalabaw.

Gaya ng ipinahihiwatig ng kanilang apelyidong "Zenith" na sa salitang ingles ang ibig sabihin ay "rurok" o "kaitaasan", patuloy silang magsusumikap at magtitiyaga hanggang sa maabot ang rurok ng inaasam-asam nilang tagumpay.



# Sinanay sa TAGUMPAY

NI **CHARLENE CORPUZ**
LARAWANG KUHA NI **CHARLENE JOANINO**




**"Marami po kaming natutunan sa Social Preparation Training (SPT) ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC), binigyan kami ng pagsasanay na ito ng pagkakataon na magkaroon ng *self-assessment* tungkol sa aming kakayanan na makisalamuha at makibahagi sa ibang miyembro ng samahan at maging katuwang sa programang pagkakalabawan," pahayag ni Moneth Tabuac, isa sa mga kalahok sa isinagawang SPT nitong Setyembre 30 hanggang Oktubre 1.**

Ang SPT, na isinasagawa ng DA-PCC Knowledge Management Division-Learning Events Coordination Section (KMD-LECS) at National Impact Zone (NIZ) *team*, ay isang pangunahing kwalipikasyon ng DA-PCC para mapahiraman ng mga gatasang kalabaw ang isang kooperatiba o asosasyon.

Ang dalawang araw na pagsasanay sa SPT ay taunang isinasagawa ng DA-PCC na nagnanais bigyan ng hustong preparasyon ang bawa't potensyal na benepisyaryo ng Carabao Development Program (CDP).

Sa pamamagitan ng SPT, inihahanda ang bawa't magsasaka sa mga dapat gawin kapag naging kalahok na sa programa ng DA-PCC. Kabilang sa mga paksang tinatalakay sa SPT ang tungkol sa kahandaan ng miyembro ng isang kooperatiba o asosasyon, mga kakayahan at katangian na kinakailangan para sa pagkakaroon ng matatag na samahan, mga posibleng kaharaping pagsubok sa pag-aalaga ng kalabaw at paglilinaw ng mga prayoridad sa kabuhayan para sa maunlad na kooperatiba at iba pa.

"Ang pagiging kabahagi ng isang layunin o gampanin ay nag-uudyok sa isang indibidwal na magkaroon ng higit pang pagkilala at pagpapahalaga sa sarili. Ang pagkakaroon ng kumpiyansa sa sarili ay may malaking kontribusyon upang maimpluwensyahan din ang iba sa pag-abot ng anumang naisin," pagpapaliwanag ni Dr. Ericson Dela Cruz, *carabao-based enterprise development coordinator* ng DA-PCC at nagsilbing tagapagsanay ng SPT.

Samantala, binigyang-diin naman ni Wilma del Rosario, DA-PCC NIZ *coordinator*, na ang SPT ay panimula lamang sa marami pang pagsasanay na isinasagawa ng DA-PCC para sa mga inaasistehan nitong kooperatiba o asosasyon at iba pang mga kliyente.

"Kasunod ng SPT ay ang pagsasanay sa Basic Buffalo Management para sa mas malalim na kaalamang teknikal tungkol sa pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw," ani del Rosario.

Ayon sa kaniya, ang patuloy na paglinang sa kaalaman ng mga magsasakang-magkakalabaw sa pagsasanay at pagbabahagi ng kaalaman at teknolohiya ng DA-PCC sa mga kabalikat nito ay may malaking bahagi sa pagnanais ng mga ito na magpatuloy sa programa.

"Sa Nueva Ecija, 1028 ang nakapagtapos ng SPT at nagpatuloy sa programang salig sa pagkakalabawan. Sa nasabing bilang, 928 na lamang ang aktibo at inaasistehan ng PCC-NIZ," saad ni del Rosario.

"Tinatayang nasa 2% ng mga nasanay sa SPT kada taon ang napadpad sa ibang kabuhayan maliban sa pagkakalabawan nguni't mas malaking bahagi pa rin ang nagpatuloy sa CDP," dagdag niya.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA




SINANAY... MULA SA PAHINA 15

## 'Best Practices' ng mga aktibong kooperatiba ng PCC-NIZ

"Para sa akin, ang pagkakaroon ng matatag na pamumuno, pagiging *transparent* sa bawa't miyembro at pagkakaroon ng sapat na kaalaman sa batas at mga patakaran sa loob ng kooperatiba ang susi para sa maunlad na pagpapatuloy ng isang samahan," pagbabahagi ni Leoncio Callo, dating *chairman* ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative (CAMPC).

Siya ay isa na rin sa mga progresibong magkakalabaw na inasistehan ng DA-PCC. Taong 1987 nang una siyang naging bahagi ng "Samahang Nayon ng Catalanacan" na ngayon ay mas kilala na sa Nueva Ecija bilang CAMPC.

Aniya, maliban sa mga halimbawa na narinig lamang niya noon sa SPT, mga aktuwal na pagsubok ang lalong humubog sa kooperatiba upang lalo itong maging matatag sa paglipas ng panahon.

Ito'y samantalang tinututukan ng bawa't miyembro ang pagiging 'profit-based' ng kooperatiba o asosasyon para matiyak ang patuloy nitong paglago.

Sa kasalukuyan, ang CAMPC na mayroong 175 miyembro ay may sarili nang pamilihan (DairyBox) at iba't ibang uri ng mga produktong gatas gaya ng *chocomilk, pastillas, polvoron, espasol de leche, ice cream*, bibingkang gatas at marami pang iba na mula mismo sa aning gatas ng kalabaw ng kanilang kooperatiba.

Sa Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) naman, ayon kay Gilbert Daduyo, *chairman* ng EMPC, ang *record keeping* at pagiging *hands-on* sa *operations* ng kooperatiba ang maituturing niyang susi sa mainam na pagpapatakbo ng negosyong paggagatasan.

Aniya, sariwa pa rin sa kaniyang alaala ang mga aral na natutunan niya sa SPT patungkol sa mararating ng masidhing kagustuhan ng indibidwal kung magdedesisyong makilahok sa isang proyekto. Ang mga katagang "huwag sumali sa proyekto kung napipilitan lang" na mula sa tagapagsanay noon sa SPT taong 2015, ay tumimo sa kaniyang isipan.

Sa kasalukuyan, 64 ang miyembro ng EPMPC na lumilikom ng aning gatas na aabot sa 280 litro kada araw. Ang kanilang kooperatiba ay may sarili ring *processing plant* at *market outlet* sa San Jose City, Nueva Ecija. Nagpapatuloy sila sa higit pang pagpapalago ng kanilang negosyo katuwang ang DA-PCC.

Silang nagsanay at nagpatuloy ay mga patunay na ang munting pangarap mula sa isang simpleng magsasaka kung lalakipan ng pagsisikap, tamang oportunidad at suporta ay 'di malayong umunlad.



Mula sa

# GATAS NG KALABAW

NI LENILYN MURAYAG AT CHRISTINE MAE NICOLAS
ILUSTRASYON NI: JAN CZARINA SALAS

**Higit pa sa pagiging katuwang ng mga magsasaka sa bukid ang nakamamanghang angking abilidad ng mga kalabaw. Pinatunayan ito at patuloy na isinasabuhay ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensyang kasangga ng Department of Agriculture (DA) sa pagpapakilala ng mga produktong nagmula sa kalabaw.**

## PCC at Milka Krem

Taong 1992 nang itatag ang DA-PCC sa Lungsod Agham ng Muñoz sa bisa ng Republic Act No. 7307 na naglalayong pagtuunan ng atensyon ang *carabao farming* lalo na at isang agrikultural na bansa ang Pilipinas. Higit pa rito, ninanais din ng PCC na makilala ang kalabaw bilang isa sa mga mapagkukunan ng masustansyang mga pagkain at mga inumin.

Upang maibahagi sa masa ang mga benepisyong kayang ihandog ng mga kalabaw sa bawa't indibidwal partikular sa pagkain at inumin, binuksan taong 2011 ang Milka Krem. Isa itong gusali kung saan makabibili at makatitikim ng mga produktong gamit ang gatas ng kalabaw.

Bukod pa rito, idinisenyo rin ang Milka Krem na hawig sa istruktura ng mga karaniwang *cafeteria* upang makapaglaan ng espasyo sa mga taong nais magpahinga rito habang tumitikim ng mga produkto o humihigop ng mainit na kape na maaaring parisan ng tinapay.

## Mga tumatangkilik

Maliban sa mga mag-aaral, kawani ng Central Luzon State University (CLSU) at mga naninirahan sa mga kalapit na lugar, tagapagtangkilik din ng mga produkto ng PCC ang mga biyaherong dumadaan sa Milka Krem na nais bumili ng pasalubong na mabibitbit pauwi.

## Mga benepisyo


Kabilang sa mga benepisyong dulot ng pagkonsumo ng gatas ng kalabaw ang mga bitaminang tulad ng *A and C* na nakapagpapalakas ng *immune system*. Mayroon din itong *calcium, manganese, copper, phosphorus, zinc* at *potassium* na nakatutulong sa maayos na pagdaloy ng dugo patungo sa *arteries*.

SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA




# MULA SA...

MULA SA PAHINA 17




## Mga tampok na produkto

Ayon kay Jennica Jove, *plant manager*, Central Dairy Collecting and Processing Facility ng DA-PCC, kabilang ang *pasteurized milk, chocolate milk, yogurt, pastillas* at *ice cream* sa limang pangunahing produkto ng Milka Krem. Gayunpaman, nilinaw ni Jove na nagbabagu-bago ang mga produktong maaaring mabili batay sa produksyon at sa mga tumatangkilik ng mga nabanggit na produkto.

Maliban sa tatak na "fresh at natural", patuloy na nagiging mabenta sa publiko ang *chocolate milk* dahil sa linamnam at malasang tsokolate nito. Wala ring pinipiling edad ang ganitong produkto kung kaya't patok sa kahit sinong mamimili. Sumusunod sa pinakamabentang mga produkto ng Milka Krem ang *pasteurized milk* at *yogurt* na swak naman sa panlasa ng mga hindi mahilig sa matatamis na pagkain o mga inumin.

Hindi rin nagpapahuli ang *ice cream* na *all-time favorite* ng lahat bukod pa sa dahilang tumatagal ito ng hanggang anim na buwan sa *ref*. Kung mahilig naman sa matamis, nariyan ang *pastillas* na may iba't ibang *flavor*.

Tumatagal ang mga produktong gatas na walang halong *preservative* ng pito hanggang 10 araw. Ang pagpapahaba sa *shelf life* ng mga produktong gatas ang siya ngayong sinasaliksik ng *product development team* ng DA-PCC upang tumagal ang pag-iimbak sa mga produktong ito o kaya'y maibiyahe sa mas malalayong lugar. Kung magkagayon, mas darami ang makatitikim ng masustansiyang gatas ng kalabaw at mas lalawig ang industriya ng pagkakalabawan sa bansa.

*(Mula sa CLSU Collegian, Saka, pahina 62, 2019)*

**Ang Milkybun ay isa sa mga bagong produkto na ginawa ng DA-PCC Carabao Enterprise Development Section upang makapagbigay ng bagong oportunidad sa mga magsasaka-maggagatas sa pagnenegosyo. Ito ay may sangkap na gatas ng kalabaw na nagtataglay ng magnesium, potassium, calcium, at phosphorus. Ang bawa't isang Milkybun ay halos katumbas ng 200 ml na gatas ng kalabaw at may 250 calories na nakatutulong sa produksyon ng enerhiya.**



# CARA ARALAN sa Niyugan



Ang Coconut-Carabao Development Project (CCDP) ay dalawang taong proyekto na nagsusulong na mabigyang oportunidad na magkaroon ng dagdag na mapagkakakitaan ang mga magsasaka na pangunahing kabuhayan ang pagniniyugan. Ito ay sa pamamagitan ng pagkakaloob ng gatasang kalabaw, pagtatayo ng mga *dairy processing facilities*, pagbibigay ng supply, kagamitan, at suporta sa pagsasapamilihan ng produkto. Ang mga benepisyaryo ng CCDP ay mula sa 17 mga probinsiyang napili ng DA-PCA. Isa pang bahagi ng proyekto ay ang pagpapaunlad sa kapasidad (*capacity enhancement*) ng mga magsasakang benepisyaryo nito.

Dahil sa kasalukuyang sitwasyon na kinakailangang limitado lamang ang pagtitipon, gagamit ng *blended approach* sa pagsasagawa ng mga aktibidad para sa *capacity building* alinsunod sa mga pamantayang pangkalusugan at lokal na ordinansa. Ito ay binubuo ng 11 paksa sa ilalim ng kursong "Gabay sa Wastong Pangangalaga ng Kalabaw". Isasagawa ang pagsasanay gamit ang mga *instructional video materials, hands-on activities, at take home exercises.* Ito ay tatagal ng 11 linggo. Ang mga akreditadong *facilitators* ng Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production kasama ang mga panrehiyong empleyado ng DA-PCC at representante ng DA-PCA ang mamamahala sa mga isasagawang pagsasanay.

www.pcc.gov.ph

Department of Agriculture-Philippine Carabao Center

Philippine Carabao Center